

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN II



## MODYUL 17

### ANG ASYA SA KASALUKUYANG PANAHO: ISANG PANIMULA



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION  
Department of Education  
DepEd Complex, Meralco Avenue  
Pasig City



**MODYUL 19**  
**ANG ASYA SA KASALUKUYANG PANAHOON:**  
**ISANG PANIMULA**






Napag-aralan mo na ang iba't ibang pangyayari sa nakalipas ng kontinente ng Asya. Ngunit hindi natin maikakaila na ang mga pangyayari sa aksalukuyan ay mayroon ding napakalaking epekto sa tunguhin ng Asya.

Ang intensyon sa modyul na ito ay upang mabigyan ka ng isang panimula sa mga pangyayaring naganap na may tuwiran o di tuwirang epekto sa kalakhan ng Asya. Kasama dito ang mga pangyayaring may politikal at ekonomikong implikasyon.



May tatlong araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Ang Cold War
-  Aralin 2: Ang Asya sa Pamayanang Global
-  Aralin 3: Ang Populasyon



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mapahahalagahan ang mga pangyayaring naganap sa kasalukuyang panahon sa larangan ng pulitika, lipunan at pangkabuhayan;
2. Masusuri ang mga implikasyon ng mga kasalukuyang pangyayari sa kalagayang politikalat ekonomiko sa Asya; at
3. Maaaanalisa ang mga kasalukuyang pangyayari maging sa ibang bahagi ng mundo at ang mga posibleng epekto at implikasyon nito sa kalagayang polikal, panglipunan at pangkabuhayan sa Asya.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



## PANIMULANG PAGSUSULIT:

I. Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Bansang naging katunggali ng dating Unyong Sobyet sa pagpapalaganap ng ideolohiya sa mundo. Ito rin ang bansang pangunahing kasangkot sa *Cold War* maliban sa Unyong Sobyet.  
A. Estados Unidos  
B. Tsina  
C. Britanya  
D. Japan
2. Ang Tsinong lider na nagtatag ng nasyonalistang pamahalaan sa Taiwan.  
A. Chiang Kai-shek  
B. Dien Bien Phu  
C. Mao Tse Tung  
D. Pol Pot
3. Ang doktrinang nagtatag ng Council of Mutual Economic Assistance.  
A. Molotov Plan  
B. Marshal Plan  
C. Doktrinang Truman  
D. Tydings-Mc Duffie
4. Tumutukoy sa isang diplomatikong tensyon sa pagitan ng Estados Unidos At Unyong Sobyet na sadyang pinaninindigan ang kanilang pulitikal at ekonomikong kapakinabangan nang walang tuwirang labanan.  
A. *Cold War*  
B. *Hot War*  
C. *Skirmish*  
D. *Boxer's Rebellion*
5. Ang patakarang ekstensyon ng doktrinang Truman na nagtatag ng European Recovery Program.  
A. *Marshall Plan*  
B. *Molotov Plan*  
C. Doktrinang Truman  
D. *38<sup>th</sup> parallel*
6. Taon nang pagbagsak ng Saigon sa komunismo.  
A. 1995  
B. 1975  
C. 1986  
D. 1976

7. Ang itinakdang demarkasyon sa pagitan ng Korea na naghati dito sa Hilaga at Timog Korea.
- A. 17<sup>th</sup> parallel  
B. 38<sup>th</sup> parallel  
C. 18<sup>th</sup> parallel  
D. 37<sup>th</sup> parallel
8. Namuno sa Hilagang Vietnam matapos ang pagtatalaga ng demarkasyon ng Hilaga at Timog Vietnam sa isang kasunduan sa Geneva.
- A. Ngo Dinh Diem  
B. Ho Chi Minh  
C. Dien Bien Phu  
D. Pol Pot
9. Asosasyong pang-ekonomiko na Itinatag noong 1995 upang mapagbigkis ang skonomiya ng bansang Asyano. Ito ay naglalayong magtatag ng isang *Asia-Pacific free trade* na lugar sa tulong ng mga industriyalisadong bansa sa rehiyon hanggang sa taong 2010 at ang mga umuunlad naming mga bansa hanggang sa taong 2020.
- A. GATT  
B. APEC  
C. ASEAN  
D. NATO
10. Ayon kay Marshall McLuhan, tumutukoy ito sa isang makabagong bersyon ng pandaigdigang pamayanan bilang isang nayon na binuo ng isang mataas na lebel ng komunikasyong elektronik.
- A. Industriyalisasyon  
B. Globalisasyon  
C. Rasyonalisasyon  
D. Migrasyon

## ARALIN 1

### ANG COLD WAR



Asya.

Sa araling ito ay tutukuyin natin ang naging epekto ng tensyong Cold War sa



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang mga epekto ng tatlong pangyayaring nabanggit sa kabuuang kalagayan sa Asya;
2. Masusuri ang mga epekto nito; at
3. Makapagbabadya ng mga maaari pang epekto ng mga pangyayaring ito.



#### **Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

1. Balikan natin ang ilan sa mga pangyayari sa iyong buhay estudyante. Natatandaan mo ba nung minsang may mag-away na kaklase mo? Yung isa ay kaibigan mo at yung isa ay hindi. May kinampihan ka ba? Ano ang naging epekto sa iyo nito?
2. Noong minsang kinapos sa panggastos ang iyong tatay at nanay, mayroon ba itong naging epekto sa iyo? Kung mayroon, ano? Kung wala, bakit kaya?

## **Ang Cold War**

Ang *Cold War* ay isang diplomatikong tensyon sa pagitan ng Estados Unidos At Unyong Sobyet na sadyang pinaninindigan ang kanilang pulitikal at ekonomikong kapakinabangan nang walang tuwirang labanan. Pilit nilang ginagamit ang kanilang impluwensya upang mahikayat ang mga bansang kumampisa kanilang paninindigan. Ito ay higit na kilalang tensyon sa pagitan ng demokrasya at komunismo. Sa katunayan hinati nito ang mundo sa dalawa (*bipolar world*) – ang Kanluran at Silangan. Ang Silangan ang higit na kilalang *communist bloc* ng Unyong Sobyet at mga kaanib na bansa nito pati na ang komunistang Tsina. Ang Kanluran naman ay igit na kilalang demokratiko at iba pang di-komunistang bansa o ang malayang daigdig.

Noong 1945 hanggang 1974, naging saksi ang mundo sa pagsisimula ng *Cold War*. Matapos ang mga karahasan na dala ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig pinili ng mga komunista ang Pransya, Gresya at *Turkey* bilang kanilang mga pangunahing target. Napalakas nila ang kanilang posisyon sa Pransya at Italya nang kanilang samantalain ang masaligutsot na komdisyon matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ang Doktrinang Truman ay inilunsad ni Pangulong Harry Truman sa Kongreso ng Estados Unidos noong 12 Marso 1947. Itinatakda nito na nararapat na maging bahagi ng mga polisiya ng Estados Unidos na tulungan ang mga malalayang tao na lumaban sa mga minoryang de armas o kaya ay taga-labas na nagnanais na sila ay lupigin o sakupin. Ang doktrinang ito ay isang mungkahi na ang Estados Unidos ay magpadala ng tulong pinansyal at militar sa Gresya at *Turkey* na inaprobahan naman ng Kongreso noong Mayo 1947. Ang Marshall Plan ay ekstensyon ng Doktrinang Truman. Ipinapanukala nito ang pagsisimula ng European Recovery Program upang bigyang suporta ang mga kaalyansa ng Estados Unidos sa kontinenteng ito. Pinuna ng Unyong Sobyet ang patakarang ito sapagkat ito daw ay pakikialam sa usaping panloob ng mga bansang nais “tulungan” ng Estados Unidos. Sa panahong ito, lalo nang tumindi ang tensyon sa pagitan ng dalawang bansa sa Gresya na nagpasama ng relasyon nila. Alinsunod sa Marshall Plan, ang Estados Unidos ay nagbigay ng 11 bilyong dolyar na tulong sa loob ng apat na taon na sa palagay ng kanilang mga kaaalyado ay nakatulong

sa pagbawi ng Europa sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig at pagpigil ng pagkalat ng komunismo sa kontinenteng ito.

Ipinatupad naman ng Unyong Sobyet ang Molotov Plan na siyang magtatag ng Council Mutual Economic Assistance (COMECON) upang tulungang palakasin ang ekonomiya ng mga sosyalistang bansa. Kung kaya, maaari nating sabihin na ang Marshall Plan at ang COMECON ang siyang nagpasimula ng tensyon sa pagitan ng Estados Unidos at Unyong Sobyet.

### **Ang Cold War sa Tsina**

Ang tagumpay ng komunismo sa Tsina noong 1949 ay tumapos sa mahabang ebolusyon, digmaang sibil at kaguluhan sa Tsina. Ito rin ay nagpasimula ng bagong panahon sa bansa. Sa kanilang pagtatagumpay, pinalakas ng mga lider na komunista ang kanilang pamamahala sa bansa at iniayon ang kanilang sistema sa sistema ng Unyong Sobyet.

Itinatag ni Chiang Kai-shek ang kanyang pamahalaan sa Taiwan. Sa pagkakataong ito, sinikap tulungan ng Estados Unidos ang bansa at pinrotektahan laban sa komunistang Tsina.

Nang magkaroon ng pakikipagkasundo ang Estados Unidos sa *People's Republic of China*, binawing lahat ng Estados Unidos ang kanyang mga hukbo mula sa Taiwan.

Sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, itinakda ang 38<sup>th</sup> *parallel* sa pagitan ng Hilaga at Timog Korea. Ang Hilagang Korea ay inokupa ng Unyong Sobyet at ang Timog Korea ay inokupa ng Estados. Ang bawat bansa ay nag-oorganisa ng kani-kanilang pamahalaan sa kani-kanilang pamahalaan sa kani-kanilang sona hanggang sa pumagitna ang United Nations sa usapin. Ninais sana ng UN na magtalaga ng halalan sa buong bansa sa pamamagitan ng superbisyon ng isang komisyon ngunit hindi pinayagan ng Rusya na makapasok ang komisyon sa kani-kanilang sona. Ang halalan ay naganap lamang sa Timog Korea noong 1948.

Noong Hunyo 1950, sinakop ng Hilagang Korea ang Timog Korea. Dhail dito, nagpadala ang UN ng hukbong sandatahan sa Timog Korea. Nagtuloy ang labanan hanggang sa magkaroon ng *armistice* noong 1953. Ang *armistice* ay isang kasunduang tigil-putukan habang nagsasagawa o idinaraos ang usapang pangkapayapaan. Sa kasamaang palad, walang kinahinatnan ang usapan kung kaya at muling ibinalik ang *38<sup>th</sup> parallel*. Natapos ang digmaan sa Korea na nahahati pa rin ang bansa sa dalawa.

### **Ang *Cold War* sa Indochina**

Sa pagkatalo ng Pransya at bansang Hapon, naorganisa ang grupong nasyonalistang Vietnamese na higit na kilalang grupong Viet Minh. Ang grupong ito na pinamumunuan ni Ho Chi Minh ay komunistang Tsino. Nang subuking muling sakupin ng Pransya ang Vietnam, ang nasyonalista at komunistang Vietnamese ay magkasamang nanlaban sa mga Pranses na natalo nila noong 1954 sa Dien Bien Phu at pumayag sa isang kasunduan.

Sa katotohanan, naniniwala ang Estados Unidos na sa sandaling magtagumpay si Ho sa Vietnam, ito ay manantiling banta sa buong Asya. Nakaksiguro siyang magaganap ang Teoryang Domino sa Timog-silangang Asya. Ang teoryang ito ay tumutukoy sa paniniwalang ang agbagsak ng isang bansa sa kamay ng komunismo ay maaaring mauwi sa pagbagsak ng iba pang kalapit na bansa nito sa sistema.

### **Ang Dalawang Vietnam**

Sa pagtatapos ng usapang pagkakasundo sa Geneva, ang Vietnam ay nahati sa dalawa sa pamamagitan ng *17<sup>th</sup> parallel*. Ang Hilagang Vietnam ay pinamumunuan ni Ho Chi Minh at ang Timog Vietnam sa pamumuno ni Ngo Dinh Diem na di-naglaon ay napabagsak nila sa pamahalaan. Ang mga sumunod na liderato pagkatapos ni Diem ay hindi naging kasing popular ng mga sinundan.



Noong mga unang taon ng dekada 60, pumasok ang Estados Unidos sa hidwaan. Sa paglaon, milyung-milyong Amerikano ang nasawi sa Vietnam sa pagbabaka-sakaling mailigtas ang demokrasya sa Timog Vietnam.

Noong 1975, nasako ng mga komunista ang Saigon. Maliwanang na nagtagumpay ang komunismo sa bansa. Ang Hanoi ay naging kabisera ng Vietnam.

Sa buong kasaysayan ng daigdig, itinuturing na labis na kalunus-lunos ang naging bunga ng *Cold War* sa pagkakaalis ng mga mamamayan mula sa kanilang mga tahanan. Sadyang naging trahedyang sa mga galaw na ito ang naganap sa mga *boat people* na tumakas mula sa Vietnam sa pamamagitan ng karagatan.

Ang daloy na ito ng mga lumilikas na Vietnamese ay nagsimula nang bumagsak ang Saigon noong Abril 1975. Dahil sa takot sa maaaring kahinatnan nila sa ilalimm ng pamahalaang komunista, libu-libong Vietnamese ang nagdesisyong lumikas mula sa kanilang mga tahanan at ibuwis ang kanilang buhay sa karagatan sa paghahanap ng kanilang kalayaan.


Ang trahedyang ito ay labis pang pinalala ng mga malalang kasamaang loob at suliraning lokal ng mga bansag kanilang natakbuhan upang magsilbing tirahan. Dahil sa hindi maayos na kalagayan, ang mga ito ay naging seryosong suliranin ng UN.

### **Epekto ng *Cold War* sa Cambodia**

Sa kabila ng pagiging nyutral ng Cambodia noong Digmaang Vietnam. Ginamit ng taga Hilagang Vietnam ang bansa bilang ruta ng suplay at base militar. Noong 1970, inagaw ni Lon Nol ang pamahalaan ng Cambodia mula kay Norodom Sihanouk. Hindi naglaon, ang pamahalaan ni Lon Nol ay kinalaban ng mga rebeldeng komunista ng Cambodia, ang mga Khmer rouge. Ang digmaang sibil ay natapos sa pagtatagumpay ng mga rebeldeng komunista at itinatag ng mga ito ang pamahalaang komunista sa ilalim ng pamumuno ni Pol Pot.

Si Pol Pot ang naghasik ng brutal na rehimen sa bansa na di-naglaon ay nagsimula nang palalain ng tension ang bansa sa pamamagitan ng pagpapadala ng

hukbong tropa sa Vietnam. Noong Disyembre 1978, muling sinakop ng Vietnam ang bansa at nagpasimula ng bagong rehimen dito.



## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panuto: Tukuyin ang mga inilalarawan sa mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kwaderno.

1. Isang diplomatikong tensyon sa pagitan ng Estados Unidos at Unyong Sobyet na sadyang pinaninindigan ang kanilang pulitikal at ekonomikong kapakinabangan nang walang tuwirang labanan.
2. Ang doktrinang nagtatakda na nararapat na maging bahagi ng mga polisiya ng Estados Unidos na tulungan ang mga malalayang tao na lumaban sa mga minoryang de armas o kaya ay taga-labas na nagnanais na sila ay lupigin o sakupin.
3. Tumutukoy sa paniniwalang ang pagbagsak ng isang bansa sa kamay ng komunismo ay maaaring mauwi sa pagbagsak ng iba pang kalapit na bansa nito sa sistema.
4. Nagsisilbing takda ng hangganan ng Hilaga at Timog Vietnam.
5. Ang grupong kinilalang rebeldeng komunista ng Cambodia.

17th parallel	Khmer Rouge
Teoryang Domino	Cold War
Doktrinang Truman	38 <sup>th</sup> parallel



### Tandaan Mo!

- Ang *Cold War* ay isang diplomatikong tensyon sa pagitan ng Estados Unidos at Unyong Sobyet na sadyang pinaninindigan ang kanilang pulitikal at ekonomikong kapakinabangan nang walang tuwirang labanan.
- Ang Doktrinang Truman nagtatakda na nararapat na maging bahagi ng mga polisiya ng Estados Unidos na tulungan ang mga malalayang tao na lumaban sa mga minoryang de armas o kaya ay taga-labas na nagnanais na sila ay lupigin o sakupin.
- Ang Marshall Plan ay ekstensyon ng Doktinang Truman. Ipinapanukala nito ang pagsisimula ng European Recovery Program upang bigyang suporta ang mga kaalyansa ng Estados Unidos sa kontinenteng ito.
- Ang Molotov Plan na siyang magtatag ng Council Mutual Economic Assistance (COMECON) upang tulungang palakasin ang ekonomiya ng mga sosyalistang bansa.
- Ang paglalabanan bunga ng *Cold War* ay bunga ng pagkakaiba ng ideolohiya, pananalig at prinsipyo.
- Nahati ang Tsina, Korea, Vietnam at Cambodia dahil sa tensyong dulot ng *Cold War*.
- Ang Teoryang Domino ay tumutukoy sa paniniwalang ang pagbagsak ng isang bansa sa kamay ng komunismo ay maaaring mauwi sa pagbagsak ng iba pang kalapit na bansa nito sa sistema.



### Gawain 3: Paglalapat

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kwaderno.

1. Ano ang naging epekto ng *Cold War* sa mga bansang Asyano? Anong rehiyon sa Asya ang higit na naapektuhan ng tensyong ito? Bakit?
2. Ano ang papel na ginampanan ng Estados Unidos at Unyong SObyet sa Asya noong panahon ng tension sa *Cold War*?

## ARALIN 2

### ANG ASYA SA PAMAYANANG GLOBAL



Sa pagsisimula ng rebolusyon sa ekonomiya, maraming reporma at transpormasyon ang patuloy na pumasok at ipinatupad sa mga bansang Asyano. Para sa mga ekonomista, ito na ang simula ng magandang kinabukasan para sa mga bansa. Sa pagpasok ng dekada 80, ang Asya ay itinalaga bilang pinakadinamikong ekonomiya sa daigdig. Mula sa simbolikong GATT, lumitaw ang *World Trade Organization* na maaasahang siyang tutupad sa bisyong pagpapalaganap ng daigdigang kayamanan sa paraang pandaigdigang kalakalan o globalisasyon. Gayunpaman, hindi nakaligtas sa mga ekspertong kritiko ang WTO. Ayon sa kanila, mayroong hindi maayos na larawan ang bisyon nito.

Sa araling ito, mauunawaan natin ang tunay na larawan ng globalisasyon – ang mga kapakinabangan at di-kapakinabangan nito lalo na sa mga bansang Asyano.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipaliliwanag ang kahulugan ng globalisasyon;
2. Maaanalisa ang mga posibleng naging at magiging epekto ng globalisasyon sa kalakhang Asya; at

3. Masusuri kung nararapat o hindi na umayon ang Asya sa penomenong ito.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Taluntunin mo ang tinahak na landasin ng mga Asyano. Ilagay mo sa bilang ang mga napag-aralan mong yugto ng kasaysayan ng Asya.

5. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

4. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

3. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

2. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

1. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**GLOBALISASYON  
HATID DAW ANG  
KAGINHAWAAN**

**KANLURANIN  
HATID DAW ANG  
PAG-ASA**

## **Ano ang Globalisasyon?**

Ang terminong ito ay may iba't ibang depenisyon. Ayon kay Marshall McLuhan, ito ay isang makabagong bersyon ng pandaigdigang pamayan bilang isang nayon n abinuo ng isang mataas na lebel ng komunikasyong elektronik. Kadalasan, ito ay inilalarawan bilang isang pag-aasahan o *interdependence*, deregulasyon at integrasyon. Sa kabuuan, ito ay napagkasunduang isang penomena na napapalooban ng mga sumusunod na esensya:

- Ito ay pinabilis na pag-aasahang pang-ekonomiyang dulot ng makabagong teknolohiya lalo na sa larangan ng komunikasyon at transportasyon.
- Ito ay bumubuo ng mga organisasyong hindi napapailalim sa pamahalaan na dalsa'y nagbibigay-hamon sa awtoridad ng estado gaya ng WTO.
- Ito ay nakapagtatalaga ng presyon sa estado upang umayon sa bagong pandaigdigang panukatan o istandard ng pamamahala gaya ng libersalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon.
- Ito ay nagbigay-daan sa paglitaw ng sinasabing *mass culture* o pandaigdigang kultura, sanhi ng sining na itinatransmit ng midya.
- Ito ay mabilis na nagiging sanhi ng mga suliraning transnasyunal gaya ng enerhiya, kaalamang pangkapaligiran, daloy ng mga manggagawa, organisadong krimen na nagangailangan ng pagkakaisang *multilateral* upang mabigyan ng solusyon.

## **Pagsisimula ng Pandaigdigang Pamayanan**

Tunay na nagbago ang pandaigdigang ekonomiya pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Noong 1945, ang bagong kaayusang pandaigdigan ay pinroklama ng Estados Unidos na sa pagsisimula pa lamang ay sinuportahan na kaagad ng ilang mga bansa.

## **Pagtatag ng International Monetary Fund o World Bank (IMF-WB)**

Ang dalawang haligi ng sistemang ito ay itinatag noong Hulyo 1944 sa Bretton Woods, New Hampshire ng mayroon lamang 44 na kasaping nasyon na naging 179 noong 1995. Ang mabilis na pagdami ng miyembro nito ay dala ng pagtatapos ng panahon ng kolonyalismo at mabilis na pagbagsak ng komunismo.

## **Pagtatag ng General Agreement on Tariff and Trade (GATT)**

Ang GATT ay itinatag upang mabantayan ang WTO. Layunin nitong mapababa ang taripa sa pamamagitan ng pagbabawas sa mga balakid sa pandaigdigang komersyo.

## **Pagtatag ng Asia-Pacific Economic Cooperation**

Ang APEC ay itinatag upang mapagbigkis ang ekonomiya ng bansa sa Asya. Ang APEC ay itinatag noong 1995 sa pag-asang maitatag nito ang isang *Asia-Pacific free trade* na lugar sa tulong ng mga industriyalisadong bansa sa rehiyon hanggang sa taon 2010 at ang mga umuunlad namang mga bansa hanggang sa taong 2020.

## **Impak o Kahulugan ng Globalisasyon sa Asya**

Sa katotohanan, binabago ng globalisasyon ang relasyon ng mga bansang Asyano. Sinasabing sa paglitaw nito, unti-unting nagiging matatag ang rehiyon. Ang *Johor-Riau-Singapore Triangle* ay nabawasan na at maaaring tuluyan nang magtapos sa potensyal na hidwaan sa rehiyon.

Gayunpaman, malaking pangamba din ang inaasahang ibibigay na hamon globalisasyon hindi lamang sa rehiyon kundi sa buong daigdig.

## **Kapahamakang Transnasyunal na Maaaring Maging Bunga ng Globalisasyon**

### ***Mga Banta sa Kapaligiran***

Dahil sa mabilis na pagdami ng populasyon, matindi rin ang naging eksploytasyon n gating lkas na yaman na nagiging sanhi ng mabilis na pagkasira nito. Ito ay maaaring mauwi sa higit pang hidwaan sa hinaharap.

### ***Migrasyon***

Dahil sa malaking diperensyang nagaganap sa pang-ekonomiyang *growth rate* sa mga nasyon, sa rehiyon, lalong dumarami ang pandarayuhan o migrasyon sanhi ng kawalan ng hanapbuhay. Ang suliraning ito ay nakapagduduloy ng tension sa ngayon sa mga bansa ng Timog-Silangang Asya. Dala ng krisis pinansyal sa rehiyon ito, marami na sa mga mamayan ng mga bansa nito ang dumarayo sa mga kalapiy na bansa nila sa paraang *legal* o *illegal* man.

### ***Malakihan at Organisadong Krimen***

Ang pagbabawas ng mga restriksyon at pag-alis ng mga pandaigdigang hadlang sa kalakalan ay maaari o totohanan nang dumaragsa. Ang ilan s ahalimbawa nito ang trapiking ng mga ipinagbabawal na gamot, trapiking ng mga sandata at pati na ang pag-iismagel ng mga tao.

- Pinahihina rin ng globalisasyon ang naitatag nang institusyong rehiyonal. Kapansin-pansin na hindi na matugunan ng ASEAN at APEC ang mga suliraning bumabagabag sa rehiyon na dapat sana ay tulung-tulong nilang bibigyan ng solusyon.
- Ang globalisasyon ay maaari ring maging bagng dahilan ng labanan na maaaring makaapekto sa pagbabago o paglilipat at ng balanseng kapangyarihan sa rehiyon. Ang mabilis na paglago ng *growth rate* ng TSina at ang patulooy na pagtigil ng sa Japan ay nakapagdudulot ng pangamba. Ito ay maaaring maging




dahilan ng isang hating daigdig na binubuo ng ilang matatag at mayamang estado lamang at maraming talunang estado.

### Mga Hamon ng Globalisasyon sa Asya

Sa mga darating na panahon, kailangang harapin ng mga Asyano ang mga sumusunod na hamon ng globalisasyon.

- Ang tungkuling harapin ang mga isyung may kinalaman sa rehiyon.
- Ang kailangang pagpapanatili ng balanseng tuntuning pultikal at cultural sa tradisyunal na pagkakakilanlan.




### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panuto: Isulat ang **T** kung tama at **M** kung mali.

- \_\_\_\_\_ 1. Pinabilis ng maayos na impormasyon ang pandaigdigang kalakalan.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang globalisasyon ay bumubuo ng pantay na pang-ekonomiyang seguridad sa buong daigdig.
- \_\_\_\_\_ 3. May dalang mga suliraning transnasyunal ang globalisasyon.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang naging simula ng *New World Order*.
- \_\_\_\_\_ 5. Sa globalisasyon, ang merkado o pamilihan ay nagsimulang magtalaga ng halaga ng pananalapi.
- \_\_\_\_\_ 6. Ang ASEAN at APEC ay naging kapaki-pakinabang sa mga bansang ASEAN sa panahon ng krisis.
- \_\_\_\_\_ 7. Ang pagkakaroon ng malayang agwat sa kabuhayan ng mayayaman at mahihirap ay maaaring mauwi sa higit na tensyon at hidwaan sa mga bansang Asyano.

- \_\_\_\_\_ 8. Ang pagpupuslit ng ipinagbabawal na gamot, mga armas at mga tao ay tuluyan nang naresolba nang maalis ang mga pang-ekonomiyang balakid.
- \_\_\_\_\_ 9. Batid na ng mga Asyano ang halagang kapalit ng globalisasyon.
- \_\_\_\_\_ 10. Inaayawan ng mga grupong masa ang bansa sa globalisasyon.



**Tandaan Mo!**

- Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, itinatag ang *New World Order* o Bagong Pandaigdigang Kalagayan.
- Binago ng globalisasyon ang pandaigdigang ekonomiya, sosyal at cultural na kaayusan sa pagkakabuo ng IMF-WB, GATT, APEC at WTO at nag pandaigdigang pamamahala ng pamahalaan.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Ano sa palagay mo ang maaaring maging epekto ng patuloy na globalisasyon sa lipunang Asyano. Isulat ang iyong sagot sa mga kahon sa ibaba.

**Sosyal**

**Ekonomik**

## ARALIN 3

### ANG POPULASYON NG ASYA



Ang paglaki ng populasyon ng mga bansa sa Asya, at ng kabuuan ng kontinente ng Asya ay magdudulot ng mga pagbabagong ekonomiko at politikal na mayroong kaakibat na pagbabagong sosyal. Sa araling ito, pagtutuunan natin ng pansin ang mga sosyal na implikasyon ng suliranin ng paglaki ng populasyon.




Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang mga epekto ng paglaki ng populasyon; at
2. Maibibigay ang mga posibleng solusyon sa paglaki ng populasyon.



#### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto: Ayon sa prinsipyo ng ekonomiks, ang pangangailangan ng mga Asyano ay walang hanggan subalit ang pinagkukunang-yaman ay nauubos. Ang ibig sabihin ay hindi balanse ang pangangailangan at gusto ng mga tao sa dami ng produktong maaaring tumugon dito. Sang-ayon din ito sa prinsipyong binuo ni Thomas Malthus na nagsasabi na ang paglaki ng populasyon ay lumalaki *geometrically* samantalang ang suplay ng pagkain ay tumataas lamang *arithmetically*. Dapat sana ay kasabay ng pagdami ng mga tao ay lumalaki rin ang ang produksyon. Kawing0kawing na problemang panlipunan ang dulot nito. Suriin mo ngayon ang mga sumusunod at ilagay ang iyong paliwanag sa iyong kuwaderno. Sang-ayon ka ba o hindi sa prinsipyong nabanggit?



### Ang Populasyon

Ang patuloy na paglaki ng populasyon sa Asya ay nagreresulta sa samu't saring problema. Una na rito ang kakulangan sa pagkain. Karaniwang totoo ito sa mga bansang gaya ng Pilipinas na may napakalaking populasyon kumpara sa mapagkukunan ng mga pangangailangang ito. Nagkakaroon din ng malaking diskrepansya sa kalagayan ng mayayaman at mahihirap. Karaniwan ding kulang ang mga pampublikong serbisyo na ibinibigay ng gobyerno. Karaniwang walang mga doktor at kulang o walang gamot sa mga lugar na malalayo sa sentro o kapital. Madalas ding

may mataas na insidente ng krimen sa ganitong mga bansa. Marami rin ang walang tirahan. Karaniwan din na mataas ang lebel ng kawalan ng satsipaksyon ng mga tao sa serbisyo ng pamahalaan.



### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno:

Ano ang mga nagiging bunga ng mataas na populasyon?



### Tandaan Mo!

- Ang paglaki ng populasyon ay nagdudulot ng samu't saring mga suliranin na nagpapalubha pa ng kalagayan ng mga mamamayan sa mga bansang nakakaranas nito.



### Gawain 3: Paglalapat

Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat sa iyong kwaderno ang iyong sagot.

Maaari mo bang sabihin na may koneksyon ang pagiging mahirap sa patuloy na paglaki ng populasyon ng mga bansang nasa ganitong kalagayan? Bakit?



## MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ang mga sumusunod ay pangunahing kaisipan na dapat mong tandaan tungkol sa modyul na ito:

- ◆ Ang *Cold War* ay isang diplomatikong tensyon sa pagitan ng Estados Unidos at Unyong Sobyet na sadyang pinaninindigan ang kanilang pulitikal at ekonomikong kapakinabangan nang walang tuwirang labanan.
- ◆ Ang Doktrinang Truman nagtatakda na nararapat na maging bahagi ng mga polisiya ng Estados Unidos na tulungan ang mga malalayang tao na lumaban sa mga minorityang de armas o kaya ay taga-labas na nagnanais na sila ay lupigin o sakupin.
- ◆ Ang Marshall Plan ay ekstensyon ng Doktrinang Truman. Ipinapanukala nito ang pagsisimula ng European Recovery Program upang bigyang suporta ang mga kaalyansa ng Estados Unidos sa kontinenteng ito.
- ◆ Ang Molotov Plan na siyang magtatag ng Council Mutual Economic Assistance (COMECON) upang tulungang palakasin ang ekonomiya ng mga sosyalistang bansa.
- ◆ Ang paglalabanan bunga ng *Cold War* ay bunga ng pagkakaiba ng ideolohiya, pananalig at prinsipyo.
- ◆ Nahati ang Tsina, Korea, Vietnam at Cambodia dahil sa tensyong dulot ng *Cold War*.
- ◆ Ang Teoryang Domino ay tumutukoy sa paniniwalang ang pagbagsak ng isang bansa sa kamay ng komunismo ay maaaring mauwi sa pagbagsak ng iba pang kalapit na bansa nito sa sistema.
- ◆ Ayon kay Marshall McLuhan, ang globalisasyon ay isang makabagong bersyon ng pandaigdigang pamayan bilang isang nayon n abinuo ng isang mataas na lebel ng komunikasyong elektronik. Kadalasan, ito ay inilalarawan bilang isang pag-aasahan o *interdependence*, deregulasyon at integrasyon.
- ◆ Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, itinatag ang *New World Order* o Bagong Pandaigdigang Kalagayan.
- ◆ Binago ng globalisasyon ang pandaigdigang ekonomiya, sosyal at cultural na kaayusan sa pagkakabuo ng IMF-WB, GATT, APEC at WTO at nag pandaigdigang pamamahala ng pamahalaan.



### PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:

Panuto: Piliin ang itik ng tamang sagot.

1. Bansang naging katunggali ng dating Unyong Sobyet sa pagpapalaganap ng ideolohiya sa mundo. Ito rin ang bansang pangunahing kasangkot sa *Cold War* maliban sa Unyong Sobyet.  
A. Britanya  
B. Tsina  
C. Estados Unidos  
D. Japan
2. Ang Tsinong lider na nagtatag ng nasyonalistang pamahalaan sa Taiwan.  
A. Mao Tse Tung  
B. Dien Bien Phu  
C. Chiang Kai-shek  
D. Pol Pot
3. Ang doktrinang nagtatag ng Council of Mutual Economic Assistance.  
A. Doktrinang Truman  
B. Marshall Plan  
C. Molotov Plan  
D. Tydings-Mc Duffie
4. Tumutukoy sa isang diplomatikong tensyon sa pagitan ng Estados Unidos At Unyong Sobyet na sadyang pinaninindigan ang kanilang pulitikal at ekonomikong kapakinabangan nang walang tuwirang labanan.  
A. *Skirmish*  
B. *Hot War*  
C. *Cold War*  
D. *Boxer's Rebellion*
5. Ang patakarang ekstensyon ng doktrinang Truman na nagtatag ng European Recovery Program.  
A. Doktrinang Truman  
B. *Molotov Plan*  
C. *Marshall Plan*  
D. *38<sup>th</sup> parallel*

6. Taon nang pagbagsak ng Saigon sa komunismo.
- A. 1986  
B. 1976  
C. 1995  
D. 1975
7. Ang itinakdang demarkasyon sa pagitan ng Korea na naghati dito sa Hilaga at Timog Korea.
- A. 17<sup>th</sup> *parallel*  
B. 37<sup>th</sup> *parallel*  
C. 18<sup>th</sup> *parallel*  
D. 38<sup>th</sup> *parallel*
8. Namuno sa Hilagang Vietnam matapos ang pagtatalaga ng demarkasyon ng Hilaga at Timog Vietnam sa isang kasunduan sa Geneva.
- A. Ngo Dinh Diem  
B. Pol Pot  
C. Dien Bien Phu  
D. Ho Chi Minh
9. Asosasyong pang-ekonomiko na itinatag noong 1995 upang mapagbigkis ang ekonomiya ng bansang Asyano. Ito ay naglalayong magtatag ng isang *Asia-Pacific free trade* na lugar sa tulong ng mga industriyalisadong bansa sa rehiyon hanggang sa taong 2010 at ang mga umuunlad namang mga bansa hanggang sa taong 2020.
- A. GATT  
B. NATO  
C. ASEAN  
D. APEC
10. Ayon kay Marshall McLuhan, tumutukoy ito sa isang makabagong bersyon ng pandaigdigang pamayanan bilang isang nayon na binuo ng isang mataas na lebel ng komunikasyong elektronik.
- A. Industriyalisasyon  
B. Migrasyon  
C. Rasyonalisasyon  
D. Globalisasyon





## GABAY SA PAGWAWASTO:

### PANIMULANG PAGSUSULIT

- |      |       |
|------|-------|
| 1. A | 6. B  |
| 2. A | 7. B  |
| 3. A | 8. B  |
| 4. A | 9. B  |
| 5. A | 10. B |

### ARALIN 1 ANG COLD WAR

#### Gawain 1: Pag-Isipan Mo!

Ang sagot ay maaaring iba-iba. Konsultahin ang iyong guro hinggil sa mga sagot.

#### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

1. Cold War
2. Doktrinang Truman
3. Teoryang Domino
4. 17<sup>th</sup> parallel
5. Khmer Rouge

#### Gawain 3: Paglalapat

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro.

### ARALIN 2: ANG ASYA SA PAMAYANANG GLOBAL

#### Gawain 1: Pag-Isipan Mo!

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro.

### **Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

- |     |   |     |   |
|-----|---|-----|---|
| 1.  | T | 6.  | M |
| 2.  | M | 7.  | T |
| 3.  | T | 8.  | M |
| 4.  | T | 9.  | M |
| 5.  | T | 10. | T |
| 11. |   |     |   |

### **Gawain 3: Paglalapat**

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro.

## **ARALIN 3: ANG POPULASYON**

### **Gawain 1: Pag-Isipan Mo!**

Maraming maaaring maging sagot. Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro.

### **Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro.

### **Gawain 3: Paglalapat**

Depende ang iyong sagot sa iyong dahilan. Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro.

## **PANGHULING PAGSUSULIT**

- |    |   |     |   |
|----|---|-----|---|
| 1. | C | 6.  | D |
| 2. | C | 7.  | D |
| 3. | C | 8.  | D |
| 4. | C | 9.  | D |
| 5. | C | 10. | D |